



Magkaibang-magkaiba ang pagkahumaling at pag-ibig. Sa una ng hinuha, madali tayong malilito sa dalawa. Aakalain nating pareho ang pagkahumaling at pag-ibig: pareho silang pagnanasa, paghahangad; kapwa silang pagkaakit o hilig lumapit o dumikit. Pero magkaiba sila.

Kapag nahuhumaling tayo, nakararamdam tayo ng masidhing damdamin ng pagkabighani. Ang kinahuhumalingan nating tao ay perpektong-perpekto ayon sa paghahangad natin. Wala tayong makitang mali o pangit sa kanya; para bang mapupuno niya ang anumang kulang sa atin, at maibibigay ang anumang hingin natin. Pagsusumakipan pa nating gawin ang lahat, kahit magpakaalipin, ipagpatuloy lamang niya ang paghahatid sa atin ng mga kagustuhan at pangangailangan natin.

Ngunit iba ang umiibig. Sa pag-ibig, hindi mahalaga kung may magiliw na damdamin ng pagkabighani. Kapag umiibig tayo, hindi tayo nagbubulag-bulagan sa anumang mahirap o masakit sa iniibig. Dahil tumitingin at lumalapit ang umiibig sa buong pagkatao ng iniibig – maganda man o pangit, madali man o masakit. Hindi na nakatuon ang kanyang puso sa ninanasa niyang makuha mula sa kanyang iniibig. Wala na siyang inaasahang matatamasa mula sa iniibig kundi pakikipagkilala at pakikipagkaisa sa kanyang iniibig. At kapag ang mismong tao na ang iniibig at tinatanggap natin, lagi tayong bukas na mabulaga o mabigo, sapagkat lagi siyang higit at ibayo sa mga inaakala't inaasahan natin.

Sa madaling sabi, ang nahuhumaling ay nagmamahal lang dahil may pangangailangan. Ang umiibig nama'y wala nang ibang pangangailangan kundi ang magmamahal lang sa kanyang iniibig.

Parang ganito rin ang paglago ng buhay-Kristiyano. Katulad ng

HANDOG NA *Pag-ibig* NI *Hesus*



**P. Joseph Don
Decena Zaldivar**

madlang pinangaralan ng Panginoon sa ating Ebanghelyo ngayon, nagsimula sila sa pagkahumaling. Naakit sila sa Panginoon dahil nasaksihan nila mula sa kanya ang milagrosong pagdami ng kakarampot na tinapay (Jn 6:26). Namangha sila't nagalingan. Gusto nilang lumapit at dumikit kay Hesus dahil inaasahan nilang mabibigyan niya pa sila ng pagkain. May mga pangangailangan sila, at si Hesus ang inaasahan nilang magpupuno nito tuwina.

Subalit hindi lang basta tinapay ang inihahain ni Hesus. Mabubulok lang din iyon at magugutom din tayong muli kung maubusan na. Ang Tinapay na handog ni Hesus

sa atin ay hindi nabubulok at hindi nauubos (Jn 6:27). Ang handog niya sa atin ay ang sarili niyang laman at ang sarili niyang dugo (Jn 6:56), ang sarili niyang buhay (Jn 10:11), at kasama rito ang kanyang pagkamatay (Mc 10:39), gayundin ang kanyang pagkabuhay (Rom 6:4).

Hindi ito madaling natanggap ng madla, kaya't nilisan nila si Hesus. Nahumaling lang sila kay Hesus; hindi pa sila umibig. Nais lamang nilang mabuhay sa tinapay na pinarami ni Hesus, pero hindi nila gusto ang Tinapay ng Buhay na mismong si Hesus. Hindi pa nila magawang tanggapin ang buong karanasan ng pakikipagkaisa kay Hesus sa kanyang buhay at misyon, sa kanyang krus at pagkabuhay.

Ganito rin tayo minsan: mas mahal natin ang mga biyaya ni Hesus, higit kay Hesus na nagbibiyaya. At nakatutuksong manatili sa ganitong mababaw na pagmamahal dahil kapag hindi na natin natatamasa ang gusto nating makuha kay Hesus, makapagdahilan na tayo para magtampo at magwala, o mang-iwan at mawala. Subalit walang totoong kaligayahan at kalayaan sa ganitong matantyahin at hungkag na ugnayan.

Ani Papa Francisco, "Ang pag-ibig ay hindi pwedeng sigurista, nagmamalinis, matamlay, nagsasawalang-bahala, o umiiwas sa pagkiling. Sa halip, nakahahawa, marubdob, mapagtaya, nakikiramay, at nakikisangkot ang pag-ibig. Sapagkat ang tunay na pag-ibig ay laging walang pasubali at hindi kinikita, bagkus malayang pinagkakaloob." (Homilya, 15 Febrero 2015)

Purihin si Hesus na nag-aalok ng pakikipagkaibigan sa atin (Jn 15:15). Hindi niya tayo pababayaang (Jn 6:39), kahit pa iwanan natin siya. Patuloy niyang iniaalay para sa atin ang kanyang buhay at pagmamahal. Huwag nawa tayong manatili sa pagkahumaling lang sa kanya. Tumaya tayo't ibigin natin siya nang lubos at buhos.

PASIMULA

Antipona sa Pagpasok

(Slm 86:1-3)

(Basahin kung walang pambungad na awit.)

Sa aking abang dalangin, D'yos ko, ako'y iyong dinggin. Ang pagsamo ko't pagdaing ay mangyaring iyong dinggin. Kaligtasa'y aking hiling.

Pagbati

(Gawin dito ang tanda ng krus.)

P—Sumainyo ang Panginoon.

B—At sumainyo rin.

Paunang Salita

(Maaaring gamitin ito o kahalintulad na pahayag.)

P—Marami ang tumiwalag sa mga tagasunod ni Hesus dahil sa hindi nila maunawaan ang sinabi niyang: ang kanyang katawan ang magiging pagkain, at kanyang dugo ang magiging inumin. Magkagayon man, nanatiling tapat ang Labindalawang Apostol sa kabila ng hindi nila ganap na pag-unawa sa mga salita ng Panginoon.

Sa pagdiriwang natin ng banal na Eukaristiya, makilala nawa natin si Hesus bilang Salitang nagbibigay ng buhay.

Pagsisisi

P—Mga kapatid, aminin natin ang ating mga kasalanan upang tayo'y maging marapat gumanap sa banal na pagdiriwang. *(Tumahimik)*

B—Inaamin ko sa makapangyarihang Diyos at sa inyo, mga kapatid, na lubha akong nagkasala *(dadagok sa dibdib)* sa isip, sa salita, sa gawa, at sa aking pagkukulang. Kaya isinasamo ko sa Mahal na Birheng Maria, sa lahat ng mga anghel at mga banal at sa inyo, mga kapatid, na ako'y ipanalangin sa Panginoong Diyos.

P—Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

B—Amen.

P—Panginoon, kaawaan mo kami.

B—Panginoon, kaawaan mo kami.

P—Kristo, kaawaan mo kami.

B—Kristo, kaawaan mo kami.

P—Panginoon, kaawaan mo kami.

B—Panginoon, kaawaan mo kami.

Gloria

Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinaranggal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamat ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen.

Pambungad na Panalangin

P—Manalangin tayo *(Tumahimik)*

Ama naming makapangyarihan, ginagawa mong kami'y magkaisa ng kalooban. Ipagkaloob mong ang iyong mga utos ay aming mahalín, ang iyong mga pangako ay hangarin naming tanggapin, upang sa anumang pagbabago sa paligid namin manatiling matatag ang aming loobin sa tunay na kasiyahang matatagpuan sa iyong piling sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B—Amen.

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



Unang Pagbasa

(Jos 24:1-2a,15-17,18b) *(Umupo)*

"Ako at ang aking angkan ay sa Panginoon lamang maglilingkod," wika ni Josue. Nakalaan din ba ang ating pamilya o angkan na makinig at maglilingkod sa Diyos sa halip na unahin ang sarili nating katwiran?"

Pagbasa mula sa aklat ni Josue

NOONG mga araw na iyon, tini-pon ni Josue sa Siquem ang lahat ng lipi. Pagkatapos, tinawag niya ang matatanda, ang mga

hukom, ang mga pinuno, at mga tagapangasiwa sa Israel, at sila'y humarap sa Panginoon. Sinabi niya: "Kung ayaw ninyong maglilingkod sa Panginoon, sabihin ninyo kung kanino kayo maglilingkod: sa diyus-diyusang sinamba ng inyong mga ninuno sa Mesopotamia, o sa mga diyus-diyusan ng mga Amorreo, na sinasamba dito sa lupaing inyong tinatahanan. Ngunit ako at ang aking angkan ay sa Panginoon lamang maglilingkod."

Sumagot ang bayan: "Wala kaming balak na talikuran ang Panginoon at maglilingkod sa mga diyus-diyusan. Ang Panginoon, na ating Diyos ang siyang humango sa atin sa pagkaalipin sa Egipto. Nasaksihan din namin ang mga kababalaghang ginawa niya upang tayo'y maingatan saanman tayo mapadako at mailigtas sa mga kaaway na ating nadaanan. Kaya't kami rin ay sa Panginoon maglilingkod. Siya ang ating Diyos."

—Ang Salita ng Diyos.

B—Salamat sa Diyos.

Salmong Tugunan (Slm 33)


T—Magsumikap tayong kamtin ang Panginoong butihin.



Mag-su-mi-kap tay-ong kam-tin



ang Pa-ngi-no-ong bu-



ti-hin.

1. Panginoon'y aking laging pupurihin;/ sa pasasalamat di ako titigil./ Aking pupurihin kanyang mga gawa,/ kayong naaapi, makinig, matuwa! (T)

2. Kinukupkop ng Diyos ang mga matuwid/ at ang taghoy nila'y kanyang dinirinig./ Nililipol niya yaong masasama/ hanggang sa mapawi sa isip ng madla. (T)

3. Agad dinirinig daing ng matuwid/ inililigtas sila sa mga pangani-./ Tumutulong siya sa nasisip-hayo/ ang walang pag-asa'y hindi binibigo. (T)

4. Ang taong matuwid, masuliranin man,/ sa tulong ng Poon,

agad maiibsan./ Kukupkupin siya nang lubus-lubusan,/ kahit isang buto’y hindi magagalaw. (T)

5. Ngunit ang masama, ay kasa-maan din/ sa taglay na buhay ang siyang kikitil./ Mga lingkod niya’y kanyang ililigtas,/ sa napa-kukupkop, siyang mag-iingat! (T)

Ikalawang Pagbasa (Ef 5:21–32)

Hangad ng Diyos ang respeto at pagkalinga ng mag-asawa sa isa’t isa. Pantay ang babae at lalaki sa karangalan bilang mga anak ng Diyos. Tinuturuan silang mahalín ang isa’t isa at ituring ang kabiyak na bahagi ng isang katawan lamang.

Pagbasa mula sa sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Efeso

MGA kapatid, pasakop kayo sa isa’t isa tanda ng inyong paggalang kay Kristo. Mga babae, pasakop kayo sa inyu-inyong asawa tulad ng pagpapasakop ninyo sa Panginoon. Sapagkat ang lalaki ang ulo ng kanyang asawa, tulad ni Kristo na siyang ulo ng simbahan, na kanyang katawan, at siyang Tagapagligtas nito. Kung paanong nasasakop ni Kristo ang simbahan, gayon din naman, ang mga babae’y dapat pasakop nang lubusan sa kani-kanilang asawa.

Mga lalaki, ibigin ninyo ang inyu-inyong asawa, gaya ng pag-ibig ni Kristo sa simbahan. Inihandog niya ang kanyang buhay para rito, upang ang simbaha’y italaga ng Diyos matapos linisin sa pamamagitan ng tubig at ng salita. Ginawa niya ito upang maiharap sa kanyang sarili ang simbahan, marilag, banal, walang batik at walang anumang dungis o kulubot. Dapat mahalín ng mga lalaki ang kani-kanilang asawa tulad ng sarili nilang katawan. Ang lalaking nagmamahal sa kanyang asawa ay nagmamahal sa kanyang sarili. Walang taong namumuhi sa sarili niyang katawan, bagkus ito’y pinakakain at inaalaan, gaya ng ginagawa ni Kristo sa simbahan. Tayo’y mga bahagi ng kanyang katawan. “Dahil dito, iiwan ng lalaki ang kanyang ama’t ina at magsasama sila ng kanyang asawa; at sila’y magiging isa.” Isang dakilang katotohanan ang inihahayag nito—ang kaugnayan ni Kristo sa simbahan ang tinutukoy ko.

—Ang Salita ng Diyos.

B—Salamat sa Diyos.

Aleluya (Jn 6:63k, 68k) (*Tumayo*)

B—Aleluya! Aleluya! Espiritung bumubuhay ang Salita mo, Maykapal, buhay mo ang tina-taglay. Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita (Jn 6:60–69)

P—Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Juan.

B—Papuri sa iyo, Panginoon.

NOONG panahong iyon, marami sa mga alagad ni Hesus ang nag-sabi, “Mabigat na pananalita ito; sino ang makatatanggap nito?” Alam ni Hesus na nagbu-bulung-bulungan ang kanyang mga alagad tungkol dito, kaya’t sinabi niya, “Dahil ba rito’y tatalikuran na ninyo ako? Gaano pa kaya kung makita ninyong umaakyat ang Anak ng Tao sa dati niyang kinaroroonan?”

Ang Espiritu ang nagbibigay-buhay; hindi ito magagawa ng laman. Ang mga salitang sinabi ko sa inyo ay Espiritu at buhay. Ngunit may ilan sa inyong hindi nananalig sa akin.” Sapagkat talastas ni Hesus buhat pa noong una kung sinu-sino ang hindi nananalig sa kanya, at kung sino ang magkakanulo sa kanya. Idinugtong pa niya, “Iyan ang dahilan kaya ko sinabi sa inyo na walang makalalapit sa akin malibang loobin ito ng Ama.”

Mula noo’y marami sa kanyang mga alagad ang tumalikod at hindi na sumama sa kanya. Kaya’t tinanong ni Hesus ang Labindalawa, “Ibig din ba ninyong umalis?” Sumagot si Simon Pedro, “Panginoon, kanino po kami pupunta? Nasa inyo ang mga salitang nagbibigay ng buhay na walang hanggan. Naniniwala kami at ngayo’y natitiyak naming kayo ang Banal ng Diyos.”

—Ang Mabuting Balita ng Panginoon.

B—Pinupuri ka namin, Panginoon Hesuskristo.

Homiliya (*Umupo*)

Pagpapahayag ng Pananampalataya (*Tumayo*)

B—Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesuskristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat, nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inililing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao, nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. **Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.**

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao, at sa buhay na walang hanggan. Amen.

Panalangin ng Bayan

P—Manalangin tayo sa Diyos nating Ama upang maging matatag tayo sa ating pananampalataya. Siya nawa ang ating maging matibay na sandigan sa pagharap sa mga pagsubok at unos ng buhay. Manalangin tayo:

T—Panginoon, dinggin mo kami.

L—Maging lakas nawa ng aming Santo Papa, mga obispo, mga pari at mga diyakono ang iyong Salita upang patuloy nilang ipahayag ang Mabuting Balita nang tapat at may paninindigan. Manalangin tayo: (T)

L—Sumalig nawa kay Hesus, siyang Salitang nagbibigay-buhay, ang mga namumuno sa aming bayan. Huwag nawa silang masilaw sa kayamanan at kapangyarihan. Manalangin tayo: (T)

L—Maging matatag nawa ang mga *frontliners*, mga doktor, nars, at lahat ng mga nagmamalakasit para mapigilan ang pagkalat ng CoViD-19. Maipagpatuloy nawa nila ang kanilang gawain sa tulong at gabay mo, O Diyos Ama. Manalangin tayo: (T)

L—Huwag nawang panghinaan ng loob ang mga pamilyang may alitan at nagkawatak-

watak. Matuto nawa silang magsakripisyo at maging magpagpakumbaba upang maibalik nila ang ugnayan sa bawat isa. Manalangin tayo: (T)

L—Tanggapin mo nawa sa iyong kaharian ang mga kapatid naming namayapa upang sila’y magkamit ng walang hanggang kagalakan at kapayapaan. Manalangin tayo: (T)

L—Sa ilang sandali ng katahimikan itaas natin sa Diyos ang ating personal na kahilingan gayundin ang mga taong lubos na nangangailangan ng ating panalangin (*Tumahimik*). Manalangin tayo: (T)

P—Ama, ikaw ang aming kanlungan. Pakinggan mo ang panalangin ng iyong bayan. Tanggapin mo kami at panatilihin sa iyong pag-ibig sa pamamagitan ni Kristong aming Panginoon. **B—Amen.**

PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN

Paghahain ng Alay (*Tumayo*)

P—Manalangin kayo...

B—Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay

P—Ama naming Lumikha, pinagkamit mo kami ng iyong pagkukop pakundangan sa isang pampalagiang paghahandog kaya’t sa iyong Sambayanan ay iyong ipagkaloob ang pagkakaisa at kapayapaang nagbuklod bunga ng aming mga alay na iyong ikinalulugod sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan. **B—Amen.**

Prepasyo

(*Karaniwang Panahon II*)

P—Sumainyo ang Panginoon.

B—At sumaiyo rin.

P—Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa.

B—Itinaas na namin sa Panginoon.

P—Pasalamatan natin ang Panginoong ating Diyos.

B—Marapat na siya ay pasalamatan.

P—Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan sa pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Lubhang nabagbag ang kanyang loob sa pagkakamali ng tao sa sansinukob, kaya’t minabuti niyang siya’y ipanganak ng Birheng bukod mong pinagpala sa babaing lahat. Sa labi ng imbing kamatayan kami ay inagaw ng namatay mong Anak. Sa pagkabuhay niya, kami’y kanyang binuhay upang kaugnayan namin sa iyo’y huwag magwakas.

Kaya kaisa ng mga anghel na nag-sisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami’y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B—Santo, Santo, Santo Panginoong Diyos ng mga Hukbo napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo Osana sa kaitaasan. Pinagpala ang naporirito sa ngalan ng Panginoon Osana sa kaitaasan! (*Lumuhod*)

Pagbubunyi (*Tumayo*)

B—Aming ipinahahayag na namatay ang ‘yong Anak, nabuhay bilang Mesiyas at magbabalik sa wakas para mahayag sa lahat.

PAKIKINABANG

Ama Namin

B—Ama namin...

P—Hinihiling naming...

B—Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen.

Pagbati ng Kapayapaan

Paanayya sa Pakikinabang (*Lumuhod*)

P—Ito ang Kordero ng Diyos. Ito ang nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

B—Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Antipona sa Komunyon

(Jn 6:55)

“Ang nagsasalo sa aking lama’t dugong inihai’y may buhay na walang maliw at muli kong bu-buhayin,” ani Hesus na butihin.

Panalangin Pagkapakinabang (*Tumayo*)

P—Ama naming mapagmahal, lubusin mo sa amin ang kagalingang bigay ng iyong pag-ibig na ngayo’y ipinagdiriwang at kami nawa’y magkaroon ng ganap na kaunlaran upang sa lahat ng aming pinagkakaabalahan ikaw ay aming mabigyang-kasiyahan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan. **B—Amen.**

PAGTATAPOS

P—Sumainyo ang Panginoon.

B—At sumaiyo rin.

Pagbabasbas

P—Magsiyuko kayo at hingin ang pagpapala ng Diyos. (*Tumahimik*)

Ilayo nawa kayo sa lahat ng makapipinsala at pagpalain nawa kayo ng bawat mabuti at ganap na kaloob ng Diyos ngayon at magpasawalang hanggan. **B—Amen.**

P—Pamalagiin nawa niyang nananahan ang kanyang Salita sa inyong kalooban at puspusin nawa niya kayo ng kaligayahang walang hanggan. **B—Amen.**

P—Patnubayan nawa kayo ng Diyos sa pagtahak sa kanyang landas upang lagi ninyong mabatid kung ano ang tama at marapat samantalang kayo ay naglalakbay patungo sa kalangitan na kanyang pamana magpasawalang hanggan. **B—Amen.**

P—Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos, Ama at Anak (†) at Espiritu Santo. **B—Amen.**

Pangwakas

P—Tapos na ang Misa. Humayo kayong taglay ang pag-ibig upang ang Panginoon ay mahalín at paglingkuran. **B—Salamat sa Diyos.**